

13.12.025: ALTERNATIBONG PLANO NG PAGBABAYAD:

A. Mag-aalok ang lungsod ng alternatibong plano ng pagbabayad sa customer ng serbisyo sa tubig sa ilang partikular na kalagayan at sa ilalim ng mga tuntunin at kondisyon na itinakda sa pamamagitan ng resolusyon ng Konseho ng Lungsod. Ang isang customer ay magiging kwalipikado para sa isang alternatibong plano ng pagbabayad kung ang lahat ng tatlong sumusunod na kalagayan ay natugunan:

1. Ang customer, o ang nangungupahan sa customer, ay nagsumite sa Lungsod ng sertipikasyon ng isang pangunahing tagapagkaloob ng pangangalaga, kung saan ang terminong iyon ay bingiyang kahulugan sa seksyon 14088(A)(1)(b) ng Welfare and Institutions Code, na ang pagpuputol ng pantahanang serbisyo sa tubig ay magiging banta sa buhay, o magdudulot ng malubhang banta sa kalusugan at kaligtasan ng residente sa tirahan kung saan ipinagkakaloob ang pantahanang serbisyo sa tubig.
2. Ipinakikita ng customer na siya ay walang kakayahang magbayad para sa pantahanang serbisyo sa tubig sa loob ng normal na siklo ng billing ng lungsod.

Handa ang customer na pumasok sa isang alternatibong iskedyul ng pagbabayad sa nauugnay na mga singil sa pagiging delinkuwente.

3. Dapat tumalima ang customer sa plano ng pagbabayad at manatiling nasa oras ang pagbabayad habang nagtatamo ng mga singil sa bawat sumusunod na panahon ng pagsingil. Hindi maaaring humiling ang customer ng karagdagang mga plano ng pagbabayad para sa anumang sumusunod na mga singil na hindi nabayaran habang nagbabayad ng mga singil sa pagiging delinkuwente alinsunod sa plano ng pagbabayad. Kapag ang customer ay nabigong tumalima sa mga tuntunin ng plano ng pagbabayad nang animnapung (60) araw o higit pa, na ibig sabihin walang pagbabayad ang isinagawa tungo sa hindi nabayaran balanse na delinkuwente sa kanyang account, maaaring putulin ng lungsod ang serbisyo sa tubig batay sa seksyon 13.12.020 C, sa lawak na pinahihintulutan ng batas.